

Pang-aabuso sa Matatanda at Reporma sa Batas

Mabilis na tumataas ang bilang ng matatandang populasyon sa Australya at, kasabay nito, ang potensyal na pagtaas ng bilang ng pag-aabuso sa matatanda. Paano tumutugon ang mga batas ng Australya sa pang-aabuso sa matatanda, at paano nito mapapangalagaan nang mas mahusay ang matatandang Australyano? Ito ang tanong na kasalukuyang pinag-aaralan ng Komisyon ng Reporma sa Batas ng Australya ALRC (Australian Law Reform Commission (ALRC)).

Ang pang-aabuso sa matatanda ay maaaring pisikal, sekswal, sikolohikal, o pinansiyal. Minumungkahi ng ulat ng Surian ng Araling Pampamilya sa Australya (Australian Institute of Family Studies) noong 2016 na ang pinaka-karaniwang anyo ng pang-aabuso ay pinansyal at ito ay isinasagawa ng mga miyembro ng pamilya, halimbawa ang pang-aabuso ng mga nasa edad na mga anak sa kanilang mga matatandang magulang upang makuha ang bahay o mga ipon nito para sa kanilang sariling gamit at benepisyo. Ang matatandang babae ang karaniwang biktima ng mga pinansiyal na pang-aabuso at pinakamadaling mabiktima ng karahasan sa pamilya.

Ang mga matatanda na hindi Ingles ang pinagmulang wika ay maaaring mas madaling abusuhin dahil sa kanilang hindi matatas na pananalita ng wikang Ingles o dahil hindi nila ma-access ang impormasyon o mga serbisyo. Para sa kararating lang na mga migrante, ito ay maaaring palalain ng pagkawala ng di-pormal na mga network ng suporta (informal support networks). Maaari ring mayroong mga kultural na dahilan na nakakaapekto kung paano tinitingnan ang pang-aabuso sa nakatatanda at paano ito tinutugunan sa iba't ibang mga komunidad.

Sa kanilang pag-aaral kung paano mas mahusay na mapapangalagaan ng mga batas ng Commonwealth ang matatandang Australyano, tinitingnan ng ALRC ang mga batas sa mga larangan ng institusyong pinansiyal, superannuation, social security, pag-aalaga sa matatanda at kalusugan – nakikipag-usap sa buong Australya sa mga organisasyon at mga indibidwal na nagtatrabaho sa mga larangang ito.

Ang ALRC ay partikular na nasasabik na marinig ang mga pananaw tungkol sa pang-aabuso sa matatanda mula sa iyong komunidad. Kung ikaw ay nakaranas o nakasaksi ng pang-aabuso sa matatanda, maaari mong ipadala ang iyong kuwento sa pamamagitan ng email sa elder_abuse@alrc.gov.au o tumawag sa (02) 8238 6300.

Ang ALRC ay nagpalabas ng Papel tungkol sa mga Isyu sa Pang-aabuso sa Matatanda (Elder Abuse Issues Paper) noong ika-15 ng Hunyo 2016, na libheng mabasa o ma-download sa - www.alrc.gov.au/publications/elder-abuse